# Lesson 4: Pagpaplano ng Paglilingkod at mga Aktibidad

*Maaari mong ituro ang lesson na ito nang buo o paghiwa-hiwalayin ito sa mas maiikling segment. Iakma ang lesson sa inyong lokal na sitwasyon at mga pangangailangan, edad, at kakayahang makaunawa ng presidency ng inyong korum o klase.*

## ANG PAGLILINGKOD AT MGA AKTIBIDAD AY MAKAKATULONG SA ATIN NA SUNDIN ANG TAGAPAGLIGTAS

Sa Kanyang kabataan, si Jesucristo ay "lumago . . . sa karunungan, sa pangangatawan, at naging kalugud-lugod sa Diyos at sa mga tao" (Lucas 2:52). Ipatalakay sa mga miyembro ng presidency ng korum at klase kung bakit mahalaga ang paglilingkod at mga aktibidad. Paano tayo matutulungan ng mga ito na maging higit na katulad ng Tagapagligtas?

## MAISASAKATUPARAN NATIN ANG GAWAIN NG PANGINOON SA PAMAMAGITAN NG PAGPAPLANO NANG MAY LAYUNIN

Anyayahan ang mga miyembro ng presidency na rebyuhin ang mga alituntuning nakalista sa Service and Activity Guidelines for Youth [Mga Gabay sa Paglilingkod at Aktibidad para sa mga Kabataan]. Ipagamit sa kanila ang Service and Activity Planner [Planner para sa Paglilingkod at Aktibidad] para matulungan silang gumawa ng listahan ng ilang ideya sa paglilingkod at aktibidad na sinusunod ang mga alituntuning iyon. Sabihin sa kanila na planuhin ang isa sa mga aktibidad na iyon nang mas detalyado gamit ang Detailed Service and Activity Plan [Detalyadong Plano sa Paglilingkod at Aktibidad]. Sa isang presidency meeting na gagawin sa mga susunod na araw, iparebyu sa kanila ang nagawa nilang mga aktibidad at kung gaano sila nagtagumpay, ayon sa mga alituntunin sa Service and Activity Guidelines for Youth [Mga Gabay sa Paglilingkod at Aktibidad para sa mga Kabataan].

## SUPORTANG RESOURCES

- Mga ideya sa paglilingkod at aktibidad sa ChildrenandYouth.ChurchofJesusChrist.org
- *General Handbook: Serving in The Church of Jesus Christ of Latter-day Saints [Pangkalahatang Hanbuk: Paglilingkod sa Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw]*, kabanata 20, ChurchofJesusChrist.org
- JustServe.org
- "Service and Activities" video

ANG SIMBAHAN NI
JESUCRISTO
NG MGA BANAL
SA MGA HULING ARAW

© 2020 by Intellectual Reserve, Inc. All rights reserved. 4/20. Pagsasalin ng *Quorum and Class Presidency Training - Lesson 4.* Tagalog. PD60011122 893. Inilimbag sa Estados Unidos ng Amerika